Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-9 NG ENERO, 2006, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Bryan R. Lateo | ............... | Kagawad |
| Kgg. Narciso A. Cayos | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Alan T. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Virgilio T. Ciriaco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Serafin C. San Juan, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ............... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 003-T'06**

**PASIYAHANG NAGPAPAABOT NG PAKIKIDALAMHATI AT PAKIKIRAMAY SA PAMILYANG NAIWAN NG NAGING PANGALAWANG PUNONG BAYAN JOSE S. URIARTE NG SANTA CRUZ, LAGUNA.**

SAPAGKA'T, ang pagkamatay ng dating Pangalawang Punong Bayan Jose S. Uriarte ay nagdulot ng malabis na kalungkutan hindi lamang sa kanyang pamilya kundi pati na sa kanyang mga kaibigan at kababayang sa kanya'y nagmamahal;

SAPAGKA'T, nanungkulan siya nang mahabang panahon sa bayang ito, nang may katapatan, at kagalingan sa paglilingkuran;

SAPAGKA'T, naging bahagi siya ng tamang pagbabago sa pakikilahok sa mga programang pangkagalingan ng pamayanan;

SAPAGKA'T, ang kanyang ipinunlang magandang halimbawa ay mananatiling isang buhay na alaala ng isang di-mapag-aalinlanganang idolo ng mga naglilingkuran sa bayan.

KUNG KAYA'T, DAHIL DITO, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Alan T. Pamatmat, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Jun M. Asinas, Alden A. Sulit at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

PINAGPASIYAHAN: Na magpaabot ng pakikidalamhati at pakikiramay sa pamilyang naiwan ng naging Pangalawang Punong Bayan Jose S. Uriarte ng Santa Cruz, Laguna.

INIUUTOS: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang pamilya ng yumaong dating Pang. Punong Bayan Jose S. Uriarte, para sa kanilang kabatiran.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sang. Bayan

KGG. BRYAN R. LATEO
Kagawad

KGG. NARCISO A. CAYOS
Kagawad

KGG. JUN M. ASINAS
Kagawad

KGG. ROSELON F. PAMATMAT
Kagawad

KGG. ALAN T. PAMATMAT
Kagawad

KGG. VIRGILIO T. CIRIACO
Kagawad

KGG. ANGELITO U. LIMJUCO
Kagawad

KGG. SERAFIN C. SAN JUAN, JR.
Kagawad

KGG. ALDEN A. SULIT
Kagawad

NAGPATOTOO: **KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo